

## “Ingat, May Buwaya”

Genevieve L. Asenjo

1

Nagiging marahas ako kapag kabisado ko ang wika. Halimbawa, kapag walang brewed coffee sa canteen: *ohmygodwhatthell! why can't they invest on coffee maker?* Halimbawa pa, sa coffee shop, pero wala namang choice ng brown sugar: *ohmygod, don't they know white sugar is terrible?* Marami pang halimbawa: sa traffic, sa counter sa cashier, sa pila sa ATM, sa pag-connect sa wifi, sa pag-download sa internet. Hindi ko na kailangang mangapa ng mga salita, na ngayong mga araw, pag-iisip. Bratatatat na lang. Blah-blah-blah-blah. Kokak-kokak-kokak.

Lunes ngayon, pinakamahirap mag-isip. Madaling maging terorista sa salita. Kaya susubukan kong maging bulaklak.

Nakapa ko sa isip ang isang tangkay ng lilang orkidyas sa bakuran ng aking lola doon sa probinsya noong bata ako. Umupo ito sa plorera sa aking mesa, sa gilid ng laptop, katabi ng mga folder ng papeles. Hello, how are you? Bati ko. Long time no see...but now see now. Narinig ko ang halakhak ng mga tiyo at pinsang lalaki sa linyang ito. Hapon, nag-iinuman sila sa tiyangge sa harap ng bahay ni lola sa probinsya. Bumaba kami sa bus ng tatay. Dito na muna ako titira at mag-aaral. Patay na si Nanay at magsa-Saudi siya.

Ito ang ibig sabihin ng mga magulang sa akin: punongkahoy na hindi ko maakyat, may mapait na bunga; kinukutya't iniwasan. Tinitigan ko ang tangkay ng lilang orkidyas. Maganda ito. Ninanakaw. Inaangkin. Dito muna ako. Ngayon na.

Namumukadkad ako sa mga sandaling ito. Tingkad na lila ng gumamela, ng kaimito, ng palda ng isang dalaga. Masigla ang aking mga dahon at tangkay. Namumukod-tangi ako sa gitna ng matataas na cogon na naninilaw sa init ng araw, at sa katabing puno ng inyam na hindi namumunga. Tatagal ang aking mga bulaklak ng ilang linggo. Iyan ay kung walang puputol o pipitas sa akin. Ngunit maging 'yan ay silbi ko. Ang magagandang bulaklak lamang ang pinipitas. Sabi nga, isang matandang propesyon ang pagbibigay aliw.

Bakit ngayon ko lang ginustong maging isang orkidyas?

Sheet, mura ko. Bigla. Hindi ko napigilan na parang hindi pa rin ako nag-iisip. Basta na lamang lumabas at nagkatunog sheet, sheet, sheet. Bakit walang mga ibon na kumakanta sa aking pamumukadkad? Nasaan ang mga ito? Naroon sa mga puno ng mangga na hitik ng mga bunga? Naubos na rin huli ng mga dayo? Naisa-pribado na rin ang kanilang tweet tweet tweet? Nasaan na ang mga bakasyunista at turista ng tag-araw sa islang ito? Hindi ko maipagkaila ang pananabik sa kanilang pagdating. Aakyat nila ang bundok na ito at makikita nila ako. Kukunan nila ako ng litrato, i-upload sa kanilang mga account sa social media, para sa paghanga ng buong mundo.

Hindi ko akalain na maging bilang isang orkidyas makakaramdam ako ng pangangailangang i-Like o i-Heart. Mwaaaah. Mwaaaah. Tsup-tsup. Nakaka-stress. Nanilaw ang aking mga dahon. Tumamlay ang aking tangkay. Nahulog ang isa, dalawa, tatlo kong talulot. Sumanib ito sa nade-decompose na mga dahon at bulaklak, kamundo ng mga langgam at iba pang insekto.

“Aanhin mo ang isang alaala kung hindi mo na ito kailangan?” Sabi ng bubuyog. Lumipat ito ng madadapuan, sa nag-iisang sunflower sa di-kalayuan.

May alaala ba ang bulaklak?

Narinig ko ang hagnos ng talon, ang lagaslas ng tubig sa malaking ilog, ang balsang kawayan na sinakyan ng aking tangkay.

Naisip ko ang salitang *guniguni*. Bakit inuulit? Para matandaan? Katulad ng alaala, wala itong silbi kapag iisa lang: *ala, guni*. Dapat uulit-ulitin. Parang pag-ibig. Araw-araw ginagawa. Oras-oras kapag kumita ang ibig. Naalala ko ang *gamugamo* sa kuwento ni Jose Rizal. Naalala ko ang salita ng aming probinsya, ang Kinaray-a. May salitang *gamu*. Ibig sabihin, gulo. Halimbawa, away ng pagpamilya. Nagsusuntukan ang aking mga tiyo tuwing nalalasing. Kaya hindi mahilig makihalubilo sa kanila ang aking ama. Parang iba, kutya nila sa kanya, hambog. Iisa lang ang *gamu*, dahil hindi dapat inuulit. Gayunman, tumindi lamang ang hidwaan naming magkamag-anak. Pinabalik ako sa syudad, sa bagong pag-ibig ng aking ama.

May gamu rin sa aking alaala bilang lilang orkidyas, na parang tunay na hindi kakaiba ang mga tao, hayop, at halaman. Magamu sa kanilang baryo sa itaas ng bundok, sa kabila ng mga grupo nitong isla ng probinsya. Gusto kong isipin na hindi

siya lumayo kundi binihag siya. Hindi ng mga pirata. Kundi ng mga taga-bayan na umakyat ng bundok. Kinausap ang kanilang matatanda. Nang sumunod na araw, pinutol ang kanilang mga kahoy, ibinaba sa mga balsang kawayan. Nakarating ang mga ito sa bayan at naging mga bubong, kisame, mesa't upuan. Sa isang malaking bahay na iyon sa bayan, nakadalaw ang kanyang lola. Piyesta, at malayo silang kamag-anak. Pinabaunan siya ng isang tangkay ng lila na orkidyas. Tumubo ito sa bagong lupa, sa ibang bakuran. Dito sila nagkakilala.

Ito ang sandali ng pagtatagpo, at may silbi pa ang alaala.

Bumalik ako sa dating ako, sa pakiramdam na isa akong bagong tao. Bilang patunay, magbabakasyon ako. Hahanapin ko ang natitirang tangkay ng lila na orkidyas.

## 2

Isla Kacogonan: dito siya dinala ng tag-araw. Kulay ginto ang bangka na sinakyan niya mula sa pier. Markado ang unahan nito ng ukit ng ulo ng buwaya, kagat ang isang tangkay ng lila na orkidyas. Natatangi sa lahat ng mga bangka na nakaparada. Kahit pa walang pangalan. Kasya ang isang dosenang pasahero sa haba at laki nito. Kabit-kabit na upuan, kinakabitan ng life jacket, may pinta ang iba't ibang parte ng katawan ng buwaya: mga paa sa sandalan, mga mata na nakadungaw sa gilid, sa upuan mismo, ang buntot, ang mga paa, ang mga kaliskis sa anyong talulot ng bulaklak.

Sinalubong siya ng tatlong bangkero at pinaupo sa harapan. May lima nang nauna, ka-edad, katulad niyang lokal na turista. Napansin niya ang kanang kamay ng isang nakakatandang bangkero. Sa pagitan ng kanang siko at kamay nito, ang mala- isla na balat: isang umbok ng mga kaliskis. Greenish. Naisip niya: Buaya? Buwaya! Yes, crocodile... Sa halip na tanong, nasa ang napukaw nito sa kanya. Wala siyang naramdamang takot na gusto niyang malaman ang kuwento nito.

At narito siya sa dagat. Kristal na asul. Humahalo sa berde ng mga halamang-dagat habang papalapit sila sa dalampasigan. Nasa buhok nila ang hangin, nasa balat

ang mga asik ng alon. Magtatanghaling-tapat at kumikislap ang mga kaliskis ng bangkero sa sikat ng araw. Hindi ito nakatago, isang palatandaan na binabandera.

Huminto ang makina ng bangkang de-motor. Narito na sila. Baybay Buaya, ito ang tawag sa dagat na ito ng mga katutubo ng isla, narinig niyang sabi ng bangkero. Buaya! Para siyang kinikiliti sa pagpapatunay na ito. Tama siya, kilala pa niya, nasa bokabularyo pa niya ito!

Ito ang Buaya Beach sa brochure at website ng pinakaunang boutique hotel resort dito na nangangako ng langit-sa-dagat na pakikipagsapalaran. Ayon sa alamat, may napakalaking bato rito sa isla na hugis buwaya. Ito ang ginawang palatandaan ng mga sinaunang bangkero at mangingisda sa baybaying ito ng isla. Ang pagngalan bilang pagtanda. Ngunit ngayon, may kuwento ang binatang bangkero na hindi nakasulat sa brochure at website ng kompanyang nagbebenta ng isla: nawala ang napakalaking bato na ito na hugis buwaya pagkatapos ng Bagyo Yolanda!

Ninakaw. Kumbinsido rito ang bangkero.

Gustong itanong ng dalaga na: kaya ba ipininta mo, isang tattoo? Para hindi mo makalimutan? Ngunit nakatayo na siya ngayon sa harap ng bangkero. Isa na ito ngayong binata na umaalalay sa kanya pababa ng hagdan ng bangka. Kumapit siya sa kamay nito. Kitang-kita niya ang isla ng mga kaliskis nito: buhay ito!

Lumusong ang binata. Nakahawak pa rin siya. Ilang hakbang at nasa dalampasigan na siya. Ligtas sa basa.

Tanong ng binata: “Ngayong wala na ito, matatawag pa rin ba itong Baybay Buaya?”

Nagustuhan niya ang tanong. Sagot niya: “Bakit hindi? Nakasanayan na.”

“Kahit wala na ang mismong palatandaan?”

“Well, p’wede namang bigyan ng bagong pangalan...”

“At sino ngayon ang magpapangalan kung trabahador na lang ang turing nila sa amin?”

“Ganyan ba ang turing ninyo sa inyong sarili?”

“Hindi,” mabilis na sagot ng binata. “Tumandok kami, katutubo ng islang ito.”

“Yon naman pala,” narinig niya sa isip ngunit hindi niya nabigkas. Salamat. May dahas sa tono ng linyang ito, kahit pa isang pagpapa-totoo. Natahimik na rin ang binata. Nasa dalampasigan na sila ngayon, sa Buaya Beach, Baybay Buaya. Napahanga siya sa mga puno ng talisay, sa kumpol ng mga cottage na yari sa bubong na kogon at may hardin ng mga bogambilya, kalachuchi, rosas. Maya-maya, narinig na lamang niya ang sarili na nakikipagsundo sa binata, na taga-bitbit na ngayon ng kanyang traveling bag: susunduin siya nito mamayang alas tres: siya ang magiging tour guide niya sa pag-akyat ng Bundok Opao.

“Kailangan mong makita ang bulaklak ng *guaria morada*,” sabi pa ng binata. Malinaw ang dating nito sa kanya, dinig na dinig niya, ngunit nakatingin lamang siya sa binata. Dahil may salita siya para sa binatang bangkero: buaya. Gayunman, mas sa sarili siya nakaramdam ng disgusto sa naisip na ito. Marahil hindi naman talaga masama ang buwaya? Na(hu)husgahan lamang?

Mas tumindi ang pagnanasa niyang alamin ang kuwento ng mga kaliskis ng buwaya sa kanang braso ng binata.

Naging gutom niya ito ngayon sa tanghaling-tapat. Ngunit wala pa rin siyang ganang magtanong, na parang insulto ito sa kanyang talino, at dahil dapat ginagalang ang pribadong buhay ng kapwa. Lumingon siya sa dagat na parang malaking mangkok ito ng sabaw at umaasa siyang makakita ng sariwang isda. Napako ang kanyang tingin sa nakaparadang kulay ginto na bangka na sinakyan. Wala na ang tangkay ng lila na orkidyas na kagat ng buwayang nakaukit dito. Nakalutang ito ngayon, isang napakalaking tangkay. Sumasanib ang katas nito sa asul-berde na tubig, lumilikha ng isang bilog, isang lagusan pababa sa pusod ng dagat.

Sa isang malikmata, nakatingala siya sa bubong ng pavilion ng hotel. Nahuli niya ang sabi ng front desk na walang wifi. Fine, saloob-loob niya. Ngunit wala ring talaba? Ito ang inaasahan niya sa probinsyang ito.

Para hindi siya makapagreklamo, pina-island hopping niya sa dila ang c & k sa k/cogon. Mga ilang metro, kayang languyin. Sa loob ng mga sandaling ito, nakita niya sa nakasabit na malaking ilaw ang nasusunog na mga burol at bundok – ang kacogonan! Pagkatapos, split seconds, nakita niya ang susi ng kanyang kuwarto, hawak ng isang binata, bitbit ang kanyang traveling bag. Mas matangkad ito sa bangkero. Sa

tabas ng uniporme nitong puti, nakikita niya ang staff ng condominium building na kanyang tinitirahan sa syudad. May naka-antabay sa pagbukas-sara ng salaming pinto sa lobby. “Kaya ko naman,” sabi niya noong una. “Trabaho po namin ito, Ma’am,” sagot sa kanya. Kinilabutan siya.

Sumunod siya sa binatang ito. Sa kanyang mga hakbang, ang pagka-sigurado na paubos na ang k/cogon na tumutubo ngayon sa isla kaya may *boutique* na kasama sa pagngalan-larawan sa hotel resort na ito.

Sigurado rin siya na malambot ang kama, ang unan, ang kumot, ang mga tuwalya. Mababango. Nakaramdam siya ng pagod. Matutulog muna siya. Mga tatlong oras. Itinala niya ito sa kanyang smartphone, sa Alarm.

Nanaginip siya. Nasa ika-pitong silid siya ng isang kuweba. Kaharap niya ang isang magandang dalaga, sakay sa gintong duyan, may hawak na kudyapi. Ginto ang mga kuwerdas nito. “Maging isa kang lila na orkidyas,” sabi nito sa kanya, at nagsimulang tumugtog. Tatlong kalabit. *Kuting-kuting*, narinig niya na boses ng kanyang lola, sa ginagawa na ito ng magandang dalaga. Pasakalye. “Maganda ang orkidyas, kaya ninanakaw,” patuloy nito. “Kaya makipagkita ka sa Hari ng Buaya sa kanyang kaharian sa pusod ng dagat. Naroon nakatago ang iyong kaluluwa. Kunin mo ito. Walang nagmamay-ari sa babae kundi ang sarili niya. Nababasa niya ang pag-iba ng panahon sa mga galaw ng mga alon. Kunin mo ang iyong kaluluwa, angkinin mo, para hindi ka manakaw.” At tumugtog ito, tuloy-tuloy. Nakikita niya ang pamumukadkad ng mga puno at halaman sa Bundok Opao, ang pagsasayaw ng mga k/cogon sa hangin. Naging lagaslas ng talon ang tugtog, naging hagnos ng tubig-baha sa malaking ilog, pababa, pababa, sa dagat, saan siya lumutang-lutang na isang tangkay ng lila na orkidyas, hanggang mawala ito: sumisid sa tagas ng kanyang kulay pababa sa isang malaking bunganga, sumasalubong sa kanya.

Nagising siya, uhaw na uhaw. May dalawang maliit na bote ng distilled water sa isang mesa malapit sa parihabang salamin sa dingding. Welcome drink. Uminom siya. Sa kanyang lagok, narinig niya ang ingay ng drone sa labas. Nasa beach front ang kanyang cottage. Hinawi niya ang puting kurtina na tumatabon sa salaming bintana. Sinalubong siya ng liwanag, ng mga taong mapuputi, tatlong may-edad na lalaki. Mga journalist? Travel writer? Blogger, paniwala niya. May dalawang babaeng kasama ang

mga ito, katutubong ganda sa dilang madulas ang eeewww. Kinilabutan siya, pati para sa parte ng sarili niyang nagsasa-dila rin nito.

Lumiko ang kanyang tingin sa gilid ng cottage. Sa di-kalayuan, may malaking puno ng talisay. Ito ang bungad ng hotel mula sa likuran, ang baryo. Markado ito ng bakod na kawayan, at dalawang guwardiya, bihis sundalo. Nakita niya rito ang binatang bangkero, nakikipag-kuwentuhan. Alam niyang nag-aabang ito sa paparating na alas tres.

Sinusundo siya ng boses nito: “Kailangan mong makita ang bulaklak ng *guaria morada*.” Napapisik siya. Oo nga ano, nasabi niya sa sarili, ito ang lila na orkidyas. Alam niya ito. Nasa hardin ito ng kanyang lola noong maliit siya. Wala siyang pangungulila kundi pagnanasa. Kaya ba kinakagat ito ng buwaya?

Sa kanyang pagtataka, sumagi sa kanya ang posibilidad na nanaginip siya kanina. Hindi siya sigurado. Wala siyang matandaan. Gayunman, naririnig niya ang tunog ng kudyapi. Kasabay nito, ang pamumukadkad ng isang malaking talulot ng lila na orkidyas.

Nagbihis siya at nagsuot ng hiking shoes.

*Habal-habal*. Ito ang tawag sa motor-pampasahero ng binata. Isa itong Honda. Umangkas siya sa kanyang short shorts at cotton shirt. Amoy dagat ang binata. Sinakop ng kanyang mga kamay ang beywang nito. Nakapa niya ang umbok ng tiyan at naalala ang gaspang ng star fish na minsan pinulot niya sa dalampasigan. Hawak ang manibela, mapusyaw na berde ang mapa ng mga kaliskis ng buwaya sa kamay ng binata.

Dalawang habal-habal na ang nauna sa kanila, sakay ang mga kasabay niya kanina. Silang iilan sa mga naunang bisita sa isla na ito. Alam niyang isa itong pribiliheyo. *I deserve this vacation*, kumbinsi niya sa sarli.

Gumulong sila sa iisang linya ng konkretong kalsada na nagsisimula sa bakod na kawayan sa likod ng puno ng talisay, ang puwesto ng dalawang guwardiya. Puro yari sa kawayan ang mga bahay na nadadaanan nila. Maliliit. Lahat may hardin, namumukadkad. Lahat may bakuran ng mga punongkahoy: namumungang kaimito,

mangga, santol. May isang bintana ng sari-sari store: mga sachet ng iba't ibang brand ng shampoo, mga cheese curls ng kanyang kabataan. May kapilya. Lumabas sila sa mas malawak na kalsada, sa nagpapatuloy na iisang linya na kongkreto. Mas maraming bahay, dikit-dikit, may kalakihan. Bawat kanto, kumpulan. Nakahubad pang-itaas ang ilang lalaki, nakatayo, nakaupo. Kandong ng mga babae ang kanilang sanggol. May mga nagwawalis. Karamihan, basta nariyan lang, nakaupo, nakatayo - sama-sama. May pangiti-ngiti sa kanila. May iilan na walang pakialam, na parang sanay na sila sa ganitong parada ng mga habal-habal angkas ang mga bakasyunista. May iilan din na parang nagsasabi: "Sino na naman ito?" "Ano na naman ang kukunin dito sa isla?" "Babalik ba ito at dadala ng mga kasama?" Lahat sila, walang duda sa kanilang pupuntahan: sa tuktok ng Bundok Opao.

Napangiti siya nang maisip na wala pang *oppa* rito; hindi pa napasok ng mga Koreano.

Tumigil sila sa ilalim ng puno ng kasuy. Naninilaw ang mga bunga nito. May malaking bato. Hindi hugis buaya.

May bahaykubo sa unahan. Bumibiyak ng kahoy ang isang matandang lalaki. Pinagmamasdan siya ng matandang babae sa pintuan. Marahil asawa. Katabi nito, isang batang lalaki. Walang salawal. Kumakamay ng kanin sa pinggan na sartin.

May puno ng aratiles sa gilid ng bahaykubo. May nakasabit na bola.

"Nang, pwede makahingi ng tubig?" Ang binata.

Nagpatuloy ang matandang lalaki sa pagbibiyak. Walang kibo. Hindi rin kumilos ang matandang babae. Nakatingin lamang sa kanila. Hanggang maya-maya, tumayo ito at pumasok. Nasa pintuan na sila ngayon ng binata. Nakatingin sa kanya ang bata. Patuloy ito sa pagkamay ng tuyong kanin. Wala itong halo kahit mais.

Bumalik ang matandang babae. Inabot nito sa binata ang isang basong tubig. Uminom ang binata, pagkatapos, inalok sa kanya. Umiling siya.

"Ano'ng kahoy ito?" Naisip niyang ligtas na tanong.

"Bakhaw," sagot ng matandang lalaki. "Api-api," dugtong pa.

Nabigla siya, may mga bibig pala ito, at ginagamit.



“Panggayuma ang balat n’yan,” sabi naman ng matandang babae. Nanunukso ang mga mata, para sa kanila ng binata.

Tumango ang matandang lalaki. Tahimik ang binata. Akala niya iinom lang ang binata. Nakatayo lang pa rin ito, walang pagmamadali, gayung umaakyat na ang kasamahan nila. Kailangan nila makababa bago magdilim.

Hanggang magsalita ang binata. “Bumalik ba?”

“Ummm, nagpaparamdam pa rin, pero hindi na lumapit,” sagot ng matandang lalaki, ngayon nagpapatong-patong ng mga nabiyak na kahoy.

Humugot sa bulsa ang binata. Pera. Dadaanin. Inabot niya ito, dalawang kamay, sa mga palad ng matandang babae. “Pang-ulam,” sabi nito. Pagkatapos hinapuhap ang ulo ng bata, saka tumalikod, lumakad pabalik sa ipinaradang habal-habal, isang pagseguro na nasa tamang puwesto ito. “Redy?” Lingon sa kanya. Nag-thumbs up siya. Umakyat sila sa katahimikan, na parang anumang oras, lilitaw ang bulaklak ng *guaria morada*, at kailangang mahuli nila ang sandaling ito.

Ito ang oras sa isla, ang pananahan sa sandali. Wala siyang pangangailangang tumingin sa kanyang smartphone. Basta nasa kalagitnaan na raw sila sabi ng binata. Hayun, nakikita na ang Islas de Gigantes na bibisitahin niya bukas, buong araw. ‘Yon, sa kabila, ang Masbate. ‘Yon naman, Isla Bantayan ng Cebu. Mamaya, kapag nasa tuktok na sila, ang mga kabilang isla, na dapat mapuntahan din niya, sabi ng binata. Habang hindi pa nila nauubos bili, sabi pa nito.

“Nino?” Hindi niya naiwasang magtanong. Hindi rin siya takot sa sakaling sagot.

“Malalaking tao,” sagot ng binata. Humahagbas ito ng mga damo, isang paghawan ng daan para sa kanya. “Tu hundred tawsan ang presyo ng bawat pamilya rito. Pagkatapos ng Yolanda, basta na lang sila dumating. Pagkatapos, nawala rin ang aming malaking bato na buaya.”

“Two hundred thousand pesos?”

“Oo.”

“Para ano?”

“Umalis.”

“Kayo?”

“Oo. Kami rito.”

“Ang liit para sa buong buhay...”

“E, hindi mo rin sila masisisi. Sira ang bahay, walang trabaho...”

“Pero ikaw, nandito ka pa rin.”

“Hay naku, Ma’am, nakapag-Saudi na ako. Nagtrabaho din ako sa feshing purt sa Cavite. Dito pa rin ang balik ko.”

“Maganda pa rin dito?”

“Maganda...oo, maganda. Pero higit d’yan, taga-rito kami.”

“Kahit mahirap?”

“Kahit saan mahirap.”

“Pero paano ‘yan, binibili ito.”

“Kaya nga. Kung aalis pa kami rito, e, di, sa kanila na lahat.”

“Hindi naman pala lahat?”

“Hindi nila makukuha lahat.”

“At kinukuha naman kayo bilang...”

“Trabahador.”

“Oo.”

“Pero ang gusto namin, patas. I-debelop nila ang isla na kumukonsulta sa amin. Kabuhayan, hindi paglikas.”

“Sina Manong at Manang kanina?”

“Kamag-anak. Lahat naman kami dito sa isla, maliban sa mga bagong dayo.”

“Hindi sila umalis?”

“Hindi pabibili kamo.”

“Mabuti. May mga kagaya pa rin nila.”

“May mga kagaya pa rin namin. Talaga.”

Nakipag-apir siya sa binata.

“Makikita ba talaga natin ang bulaklak?”

“Tiwala lang, Ma’am.”

Okay, sabi niya sa sarili. Wala pa naman sila sa tuktok. Naalala niya, hindi siya naka-“babay” sa bata. Parang nasalubong niya ang sarili at ang sama niya. Babawi siya mamaya.

Papalubog ang araw. Nakabibingi ang tunog ng mga ibon at kulisap. Sa kanyang isipan, ang malalim na putik at ang mga bangkay na nakahandusay kasama ang mga natumbang punongkahoy at bahay.

Umaakyat sila sa daan na libon ng mga kawayan. Sumusuhot ang natitirang liwanag sa mga dahon at sanga. Tumigil ang binata, hinihintay siya. Nang magkatapat sila ng hininga, may pinakita ito sa kanya. Isang liso. Mabuti raw ito para sa sakit sa ngipin. Lalo na kapag sasamahan ng ng virgin coconut oil.

“Hindi sumasakit ang ngipin ko,” sagot niya, humahabol ng hininga.

“Hindi ‘yan ang ibig kong sabihin.”

Hinintay niya ang binata na magpatuloy. “Dumating din dito ang mga risertser, mga sayantist...kumuha sila ng sampol.”

Tumango-tango siya. “Bakit mo ito kinukuwento sa akin?”

“Ano ang bakasyon kung walang kuwento?”

“Gusto ko ang kuwento ng iyong balat...ang mga kaliskis ng buwaya.” Sa wakas nasabi niya.

“Gagabihin tayo.”

“Hindi ako takot.”

“Pero hindi libre ang kuwento.”

“Pumayag ako para sa bulaklak ng guaria morada.”

“Handa ka ba? Maaari nitong baguhin ang buhay mo.”

“Tulad ng?”

“Hindi ka na makakabalik.”

Nakatayo na sila ngayon sa patag na bahagi, labas sa libon ng mga kawayan. Kitang-kita uli ang malawak na langit at dagat, at ang tumpok at kalat ng isla rito. Humarap sa kanluran ang binata. Nakapikit ang mga mata. Bumibigkas ito ng isang orasyon. Mahina.

Nang buksan nito ang mga mata, kapwa nila nakita ang paparating na mag-pamilya na dinaanan nila kanina. Bitbit ng mag-asawa ang isang malaking kaldero. Bitbit ng bata ang isang malaking flashlight. Ito ang bati nila sa kanila: apir.

Nilapag ng mag-asawa ang kaldero. “Nilaga na puting baboy,” sabi ng matandang babae.

“Bata pa ‘yan, laki sa likod-bahay, at hindi pinalo,” sagot naman ng matandang lalaki. “Walang asin.”

“Ito naman ang hapunan ninyo,” dagdag ng matandang babae. Binuksan nito ang kaldero: itim na kanin na napatungan ng adobong manok.

May dala rin silang banig, patadyong, tsinelas. Kumain sila. Instant picnic nila. Pagkatapos, inilipat ng mag-asawa sa banga ang nilaga na puting baboy. Tumayo sila, kandong ito, tuwid parang mga sundalo. Kaharap nila ang dagat sa timog. Maya-maya, kinuha ito ng binata, pinatong sa lupa, at lumuha sa harap nito. Umusal ito ng orasyon. Ito iyon sa kanyang pandinig:

*‘Tagallias sang Tagalliasan,  
Tagac aco sang acon pinagaio-an  
Con daog, moa co tagan  
Con buntol aco sayupan.’*

Inulit ito ng mag-asawa at ng bata. Sa mga sandaling ito, ilang hakbang ang layo mula sa tuktok ng Bundok Opao, nakita niya sa kanilang harapan ang lumulutang na bulaklak. Isang malaking bulaklak ng matingkad na lila na orkidyas!

Nanatili ito sa kanyang posisyon sa hangin. Papalaki, lumalapad. Walang amoy. Matingkad lamang na lila. Kumikislap sa takipsilim.

Natali siya sa kinatatayuan. Manghang-mangha. Walang salita na humahagunos sa kanyang isipan. Gusto niya ito, itong kawalan ng salita.

Tumitingkad na tumitingkad ang orkidyas. Umiiba ito ng hugis: nagsasaanyong-pusa! Katamtaman ang laki nito. Walang nakakatakot, isang ordinaryong pusa. Bumaba ito para amuyin ang laman ng banga: ang nilaga na puting baboy. Kinain niya ito.

Hindi niya alam kung isa itong kaibigan o kaaway. Hindi gumagalaw ang binata, ang mag-asawa, ang bata. Para silang mga estatwa sa museo.

Nakaupo ang pusa sa tabi ng banga. Hanggang, bigla, bumalik ito sa pagiging orkidyas. Malaking orkidyas. Ngayon nasa lupa.

Lumapit dito ang binata. Pinulot ito. Itinaas niya ito, pinapakita sa kanya. “Palatandaan ang pagpapakita ng lila na orkidyas na nababahala ang mga ninuno. Kaluluwa nila ang pusa.”

“Bakit sila nababahala?”

“Nasisira ang kanilang lugar. Hindi naniniwala sa ritwal ang mga endyiner, ang mga kontraktur, ang manedyer ng resurt...”

Ito ang kuwento ng binata: may isang datu na nagiging buwaya kapag nasa tubig. Dinadalaw nito buwan-buwan ang pusod ng dagat, sa isang palasyo saan nakatira ang kanyang kapatid na babae. Hinihingi nito palagi na dalhan siya ng isang tangkay ng lila na orkidyas, pasalubong mula sa lupa. Isang araw, sinalubong ang datung buwaya ang isang gintong bangka sa palasyo ng kanyang kapatid. Wasak ito. Wala na rin ang kanyang kapatid. Tanging ang tangkay ng lila na orkidyas ang naiwan sa malaking bato sa kanyang palasyo. Mula noon, kapag may nawawalang bangka o bapor, mangingisda o isang dalaga, hinihigop pababa sa pusod ng dagat, sinasabi na naghihiganti ang buwayang datu.

At ano ang kinalaman nito sa malaking bato na hugis buwaya? Ito ang nangyari sa datu: dumating ang araw na hindi na siya bumalik sa dagat. Nakikita siyang nakatunganga sa dalampasigan, nagpa-patrol ng mga bangkang dumadaan sa dagat. Hanggang isang araw, hindi na siya nakita. Sa halip, tumubo ang malaking bato na hugis buwaya. Ninuno ng binata. Ipinanganak siyang may mapa ng mga kaliskis ng buwaya.

“Masakit?” Tanong niya.

“Makati, minsan.”

“Lumalaki?”

“Hindi naman kumalat, o lumipat ng lugar.” Tumawa ang binata. Nakitawa na rin siya. Hindi niya alam kung bakit. Basta ito ang hinihingi ng sandali.

“Hindi mo naisipang ipa-opera?”

“Para mo na ring sinabi na patagin itong bundok...”

Tumayo ang binata. Humakbang. Sa pagpapatuloy, narating nila ang tuktok. Malamig ang hangin. Nakalubog na ang araw. Mga tala sa dagat ang mga nakaparadang bangka.

May cell site. May dalawang guwardiya. Isang prusisyon ang kanilang pagsali sa mga naunang kasama. Nakatayo ang mga ito sa bangin, kaharap ang matinkad na

puti sa bahagi ng bundok sa ibaba. Napatag. Ito ang tinatapos na pribadong airport. Parihaba na kaputian ng kongreto sa gitna ng nabungkal na lupa, kulay tsokolate.

Narinig niya ang sunod-sunod na pagpasok ng bagong mensahe sa kanyang smartphone. Pinatay niya ito, ibinalik sa sling bag. Narinig niya mula sa isang guwardiya, sa tonong may pagmamalaki, itong FYI na itatayo rin dito, may zone na ng condo, ng hotel, ng golf course, ng marami pang resort.

Narito sila, ninanamnam ang tanawin. Sa iba't ibang lapat at tunog, sa katahimikan ng kanilang pag-iisip, ganito ang kanilang sinasabi: “Ang ganda ng bayan ko.” “Ang ganda ng mga isla natin, bakit mo pa gugustuhing mag-abroad?” “Ang yaman natin, bakit hahayaan nating nakawin ito ng mga dayuhan?”

Narito siya. Narito na. May boses sa kanyang lalamunan, nagsasa-mukhang buwaya, bubuga ng mga salitang, sa wakas, nakapa niya't tumubo at ngayon ganap nang maibigkas: *Hindi ako ang dalaga na dahil sa lungkot naging alamat ng isang bulaklak!*

Isa itong sigaw, may galit ng kaluluwa ng pusa, dantaon ng pagkikimkim. Yumanig ang buong paligid. Narinig ang malakas na pag-alon sa dagat. Pagkatapos, katahimikan.

### 3

Hindi ito isang panaginip saan nagigising ang isang tauhan sa kuwento. Ito ang kuwento ng isang bangkero isang tanghaling-tapat ng tag-araw sa aking bakasyon sa probinsya ng aking ama. Nakaukit ang mukha ng malaking buwaya sa unahan ng kanyang bangka. Kagat nito ang tangkay ng isang lila na orkidyas, ang *guaria morada*. Kilala ko ito dahil marami nito sa bakuran ng lola noong bata ako.

May isang dalaga sa kuwento ng bangkero na hindi nakabalik mula sa pag-akyat ng Bundok Opao. Gabi iyon na narinig ng buong isla ang mala-pusa na tinig, naghihinagpis. Lumindol, pagkatapos, ang dambuhalang alon. Maraming bahay ang nasira sa tabing-dagat. Hanggang sa paanan ng bundok. Higit sa lahat, ang kauna-unahang hotel resort. Gayunman, paglipas ng mga araw, nakita ang isang habal-habal

na nakaparada katabi sa nabuwal na punoy ng kasuy at malaking bato. Sa di-kalayuan, ang sirang bahay-kubo.

Hindi na nakita ang magpamilya na nakatira rito. Sinasabi na may nakakita sa kanilang magkasama sila ng dalaga at ng binatang bangkero. Kinuha sila ng mala-buwaya na alon, dinala sa pusod ng dagat. Kaya raw kapag may tumataob na bangka o may nawawalang bata o dalaga, isa itong alay sa kanilang alaala.

May mga araw na binabalita ng mga mangingisda at bangkero na may nakikita silang malaking buwaya sa kanilang dagat. May tangkay ito na lila na orkidyas. Emerald green ang mga mata. Katulad ng ukit na ulo ng buwaya sa bangka. Dahil dito, hindi natuloy ang pagbubukas ng airport. Nagsara na rin ang mga hotel at hindi na nagpatayo ng bago pa. Maraming trabahador ang basta na lamang nawala. Hanggang mga manager, engineer, at isang Koreano. Nagkaroon ng ritwal ngunit fake babaylan na ang nakuha.

Inabandona ng “malalaking tao” ang isla. Ibinalitang hindi na ito profitable. Marami ang nalungkot. Paano na lang ang mga taga-isla? Hanggang hindi na nila muli pang narinig ang mala-pusa na tinig ng hinagpis. Naging asul muli ang Baybay Buwaya. Tag-ulan, tag-araw, hindi na nila kailangang humanga mula sa malayo, sa labas ng bakod ng mga resort, sa hardin ng mga cottage, sa mga namumukadkad na bulaklak tulad ng orkidyas. Malayang nakakapagtampisaw sa dagat ang kanilang mga anak. Kilala nila ang buwaya bilang kapwa kaibigan at kaaway. Kaya ang pag-iingat nila, na isang pag-iisip sa kanilang kapakanan.

Ito ang nahanap ko, hindi ang tangkay ng natitirang lila na orkidyas. Narito ako ngayon, mapalad na nakapunta, adya ng alaala. Bughaw ang langit at dagat. Sakay ako ng kulay-ginto na bangka. Wala akong baon na orasyon, wala ring pagmumura.

## TAPOS

Nalathala sa *Likhaan 40@40: The Journal of Contemporary Philippine Literature, Commemorative Issue*, UP Institute of Creative Writing, 2018, pp. 168-180.

